SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MARSO 04, 2024, LUNES, IKA-9:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RELEASED NAME DATE 04/11/24 TIME
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

RECORDED By: Date: 0 8 APR 2024
SANGGUNIANG BAYAN Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 217-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 181-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 018-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAA'T PITONG LIBO LIMANG DAAN ANIMNAPU'T WALONG PISO AT TATLUMPUNG SENTIMOS (P307,568.30) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2024 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY SANTO ANGEL SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 181-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 018-T2023 ng Barangay Santo Angel Sur ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P307,568.30 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2024 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P215,297.61) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P92,270.49) ng Barangay Santo Angel Sur, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 181-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 018-T2023 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P307,568.30 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2024 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Santo Angel Sur, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 04, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

3/12/24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

081924217